# Pastoral na Plano ng Archdiocese ng Toronto

Sa mga nananampalataya ng Archdiocese ng Toronto:



Ang maikling buod ng Pastoral na Plano para sa Archdiocese ng Toronto ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon upang madasaling magreplekto sa kung paano hinihingi ni Hesus sa atin na mabuhay bilang kanyang mga disipulo.

Ang ating Pastoral na Plano ay malalim na naka-ugat sa panalangin, ang pundasyon ng ating mga pagsisikap.

Ang ating misyon ay dalawa. Ang ating pastoral (panloob) na misyon ay ang palakihin at palakasin ang karanasan sa pananampalataya ng mga nakapangakong mga Katoliko, na kumukuha sa modelong si San Pedro, kung kanino sinabi ni Hesus na, "Pakainin mo ang aking mga tupa." Ang ating apostolikong (panlabas) misyon ay ang ipahayag ang Ebanghelyo, kapwa sa nananampalataya at doon sa mga nasa labas ng Simbahan. Ang modelo para sa ating pagpupunyagi ay si San Pablo, na unang naka-engkuwentro kay Kristo sa pamamagitan ng pagbabagong-loob at pagkatapos ay pagpoproklama sa Kanya sa buong mundo.

Ang ating Pastoral na Plano ay nag-iimbita sa bawa't Katoliko sa ating archdiocese na magreplekto sa ating tungkulin bilang mga tagapangasiwa ng maraming mga regalo ng Diyos, na tumatawag sa atin sa isang taimtim na pagbabagong-loob na naghahatid sa atin sa isang ispiritu ng pagbubukas-palad, na mas lubos na ipinakita sa pagbabahagi ng oras at talento sa iba. Tayo ay nabubuhay sa bawa't sandali sa isang ispiritu ng pasasalamat, na naghahanap ng mga pamamaraan upang matagumpay na gamitin ang lahat ng mga ipinagkaloob sa atin, sa paglilingkod sa Diyos at sa kapwa.

Tayo ay nag-aalumana sa mahalagang mga hibla na ihahabi sa buong pastoral na plano. Upang epektibo nating magawa ang ating trabaho kailangan nating tiyakin na ating: maisali ang pamilya, lalung-lalo na ang kabataan; ipagdiwang ang pagkakaiba-iba ng kultura; gamitin ng matalino ang mga mapagkukunan; at makipag-usap ng epektibo.

Ang buod na ito ay kukuha sa mga imahen sa Bibliya ng baging (Hesus) at mga sanga (ang kanyang mga tao). Limang mahahalagang mga priyoridad ang tutulong na gumabay sa atin sa paglalakbay.

Inaanyayahan ko kayong mas higit na alamin ang tungkol sa ating "mapa ng daan" para sa ating paglalakbay sa pamamagitan ng pagbibisita sa isang espesyal na lugar online: bisitahin ang **www.archtoronto.org/pastoral** upang mapuntahan ang kumpletong pastoral na plano bilang karagdagan sa iba pang mga mapagkukunan at mga kagamitan para sa pagrereplekto.

Ako ay nagpapasalamat para sa papel na inyong ginagampanan sa pagpapalakas ng ating komunidad. Makakaasa kayo sa aking mga panalangin habang masaya tayong magkakasamang nagtatrabaho sa taniman ng ubas ng Panginoon.

Matapat kay Kristo,

+ Thomas Card. Collins

Thomas Cardinal Collins
Arsobispo ng Toronto

# Limang Mahahalagang mga Direksyon

## Buhay Parokya

*At ang lahat ng mga naniwala ay nagsama-sama at ang lahat ng mga bagay ay naging para sa lahat... – Mga Gawa 2:44*



Ang ating mga parokya ay mga espirituwal na tahanan kung saan tayo ay nakikipagtagpo sa isa't-isa upang maka-engkuwentro si Kristo. Tumatawag sa atin ang ating plano upang gawin ang ating 225 na mga parokya na mga lugar ng malugod na pagtanggap at kagandahang-loob, kapwa para sa mga taong kasama natin bawa't linggo at para sa bumabalik pagkatapos ng maraming mga taon. Ating ihahanda ang ating mga sarili nang may pangangalaga bawa't linggo upang ipagdiwang ang mga sakramento at maghimok ng atentibo at aktibong pakikilahok mula sa lahat. Susuportahan natin ang mga pari at mga dyakono habang sila ay nangunguna sa daan, at kapag mahilingan na tumulong, tayo ay tutugon. Tayo ay magkakasama dito. Mahalaga na ipagdiwang natin ang maraming mga parokya na kasali na sa mga ministri ng pag-aabot-kamay at mga programa na tumutulong sa pamilya, sa lokal na simbahan. Tayo ay maaaring matuto sa kanilang magandang halimbawa. Bisitahin ang www.archtoronto.org/parishlife para makita ang walong mga layunin na kaugnay sa "Buhay Parokya".

## Mga Bokasyon

*"Halina, sumunod sa akin," sinabi ni Hesus, "at gagawin ko kayong mga mangingisda ng mga tao." At kaagad nilang iniwan ang kanilang mga lambat at sumunod sa kanya. – Mateo 4:19-20*





Hinihingi ng Diyos sa bawa't isa sa atin na "ihagis ang ating mga lambat" at tuklasin kung saan Niya tayo inaakay. Kailangan natin ang mga pari upang pangunahan ang mga parokya ng archdiocese, mga dyakono upang tulungan sila, kuwalipikadong karaniwang tao upang suportahan ang ating sari-saring mga ministri at yumayabong na mga komunidad ng relihiyoso. Bawa't Katoliko ay maaaring maging isang tagataguyod ng mga bokasyon, sa pamamagitan ng panalangin, paghimok at imbitasyon. Kinikilala natin ang pangangailangan na pagsamahin ang mga pormal na programa ng pormasyon para sa ministri, upang matiyak ang kanilang kabisaan. Hindi rin natin maaaring kalimutan ang mga pari na matapat na nagsilbi sa atin sa loob ng mga taon, na masiguro na sila ay maaalagaan para sa kanilang pagreretiro. Magkakasama, maaari nating pagyamanin ang isang kultura ng mga bokasyon sa ating archdiocese. Bisitahin ang www.archtoronto.org/vocations para makita ang anim na mga layunin na kaugnay sa "Mga Bokasyon".

## Pag-Eebanghelyo ng Lipunan

*Humayo sa buong mundo at ipahayag ang ebanghelyo sa buong nilikha.*
*– Marko 16:15*



Ang “Bagong Pag-eebanghelyo,” kung simpleng ipapahayag, ay ang pagpapahalaga sa ligaya na idinudulot sa atin ng pananampalataya kay Kristo at ng pagbabahagi nito sa iba. Tayo ay nagsisikap pa na makasiguro na ang boses ng pananampalataya ay maririnig sa pampublikong lugar. Naniniwala tayo na ang Ebanghelyo ay dapat na iproklama ngayon higit sa kailan man. Sadyang, kailangan nating palakasin ang ating pagsasaksi sa publiko, at magbigay ng maalam na mga tinig ng Katoliko sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga paaralan, mga unibersidad at iba pang mga institusyon. Tayo ay gagamit ng modernong teknolohiya upang makilahok sa dyalogo, sa pamamagitan ng relihiyoso at sekular na media, na yinayakap ang social media at iba pang mga kasangkapan na makapagpapataas ng Ebanghelyo at magbibigay ng makapangyarihang mga instrumento ng pag-eebanghelyo sa ating buong archdiocese. Bisitahin ang www.archtoronto.org/evangelize upang makita ang limang mga layunin na kaugnay sa “Pag-eebanghelyo ng Lipunan”.



## Katolikong Pag-aabot-kamay sa Katarungan at Pag-ibig

*Ang ispiritu ng Panginoong Diyos ay nasa sa akin, sapagka't ako ay pinahiran ng Panginoon ako ay isinugo niya upang maghatid ng mabuting balita sa mga naaapi, upang bendahan ang mga sugatan sa puso, upang ipahayag ang kalayaan sa mga bihag, at pagpalaya sa mga preso. – Isaya 61:1*





Ang ating pastoral na plano ay humahamon sa atin na sumaksi at magsilbi sa iba't-ibang mga paraan at maging mga tagataguyod kung saan ang kawalan ng katarungan ay nagaganap: sa pamamagitan ng pastoral na pangangalaga sa mga mahihirap at naisantabi, sa mga estudyante sa kampus, sa mga nakakulong, nanghihingi ng pagkakanlungan o nagdurusa ng pisikal o ispiritwal. Ating magagawa ang lahat ng ito sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa ating mga parokya, mga kilusan ng karaniwang tao, mga institusyong Katoliko, kapelyahan (chaplaincies) at sari-saring mga serbisyong pampastoral. Tayo ay nagpapasalamat para sa mga mabubuting gawain na nagawa sa pamamagitan ng Catholic Charities at ShareLife, nguni't marami pa tayong dapat gawin. Naririnig natin ang mga salita sa Misa, “Humayo ng mapayapa, parangalan ang Panginoon sa pamamagitan ng inyong buhay”. Paano tayo magiging mga kamay at mukha ni Hesus sa ating komunidad? Bisitahin ang www.archtoronto.org/outreach upang makita ang ating apat na mga layunin na kaugnay sa “Katolikong Pag-aabot-kamay sa Katarungan at Pag-ibig”.



## Ang Katedral bilang isang Tanda ng ating Misyon

*Sa kanya kayo rin ay binubuong magkakasama ng Ispiritu bilang isang tirahan para sa Diyos. – Epeso 2:20-22*

Ang Katedral ni San Miguel, ang inang simbahan ng archdiocese at, sa pamamagitan ng ministri ng arsobispo, ay pinagsasama-sama ang bawa't lokal na Katoliko sa ilalim ng makalangit na pagtataguyod ng dakilang tagapagtanggol ng pananampalataya, ang arkanghel na si Miguel. Bilang tularan ng buhay parokya, ang katedral ang ang mangunguna ng daan sa pastoral na pangangalaga at pagsasaksi sa publiko. Ang trabaho na nagsimula na upang panatilihin at kumpunihin ang katedral ay magpapatuloy. Tayo ay mayroon ding mga nakakatuwang mga plano na bubuuin sa lugar na malapit sa katedral - ang "Bloke ng Katedral" – upang maging isang lugar ng pagtitipon, pagsasamba at pag-aabot-kamay, sa pamamagitan ng St. Michael's Choir School, isang lugar para sa pag-aabot-kamay sa mahihirap, at isang sentro upang magtipon at magturo, pati na rin upang magbigay ng mga oportunidad upang maisali ang mundo sa pamamagitan ng media at mga sining. Sa isang lungsod ng iba't-ibang mga kultura at isang lumalaking pagkakaroon ng media, ang Iglesya Katolika ay dapat na maging isang pintuan ng pananampalataya at pag-eebanghelyo. Bisitahin ang www.archtoronto.org/cathedral upang makita ang apat na mga layunin na kaugnay sa "Ang Katedral Bilang Tanda ng Ating Misyon".

www.archtoronto.org

## Ipagpatuloy ang Pag-uusap

Kami ay natutuwa na maisali kayo sa ating pastoral na plano. Bisitahin kami online upang makita ang kumpletong "mapa ng daan o roadmap" kasama na ang maraming mga kagamitan na tutulong sa atin sa paglalakbay. Marami na tayong mga kataka-takang mga bagay na nangyayari sa ating mga simbahan – nais nating magdiwang at magtayo sa pundasyong iyon, na nagpapakilala na marami pang maaaring magawa. Narito ang mga paraan kung paano kayo makakatulong:

a) Makipagtrabaho sa inyong lokal na parokya –magsilbi sa altar ng ating Panginoon o sa konseho ng parokya, maging isang lektor, miyembro ng koro or tagabisita sa tahanan. Hinihimok namin ang bawa't Katoliko na alamin ang kanilang lokal na pakikibilang.

b) Bisitahin ang www.archtoronto.org/pastoral at magbigay ng inyong feedback tungkol sa pastoral na plano. Paano ninyo ito nakikita na nagaganap sa inyong buhay? Anong mabuti ang ginagawa ng inyong parokya? Saan nito mapapabuti ang gawain nito?

c) Panalangin – hinihing namin sa bawa't Katoliko sa archdiocese na maghandog ng mga dasal para sa mga tauhan ng Diyos na nagtatrabaho sa taniman ng ubas bawa't araw. Tayo ay umaaasa sa isa't-isa upang ispiritwal na suportahan ang pastoral na plano at tumulong na alamin ang mga hakbang pasulong, kapwa lokal at sa archdiocese. Inihahabilin natin ang planong it kay Maria, Ina ng Diyos, at hinihingi sa kanya na ipagdasal na tayo ay maging matapat na mga disipulo ni Hesus.

twitter.com/archtoronto

facebook.com/archtoronto



## Ang Katedral bilang isang Tanda ng ating Misyon

*Sa kanya kayo rin ay binubuong magkakasama ng Ispiritu bilang isang tirahan para sa Diyos. – Epeso 2:20-22*

Ang Katedral ni San Miguel, ang inang simbahan ng archdiocese at, sa pamamagitan ng ministri ng arsobispo, ay pinagsasama-sama ang bawa't lokal na Katoliko sa ilalim ng makalangit na pagtataguyod ng dakilang tagapagtanggol ng pananampalataya, ang arkanghel na si Miguel. Bilang tularan ng buhay parokya, ang katedral ang ang mangunguna ng daan sa pastoral na pangangalaga at pagsasaksi sa publiko. Ang trabaho na nagsimula na upang panatilihin at kumpunihin ang katedral ay magpapatuloy. Tayo ay mayroon ding mga nakakatuwang mga plano na bubuuin sa lugar na malapit sa katedral - ang "Bloke ng Katedral" – upang maging isang lugar ng pagtitipon, pagsasamba at pag-aabot-kamay, sa pamamagitan ng St. Michael's Choir School, isang lugar para sa pag-aabot-kamay sa mahihirap, at isang sentro upang magtipon at magturo, pati na rin upang magbigay ng mga oportunidad upang maisali ang mundo sa pamamagitan ng media at mga sining. Sa isang lungsod ng iba't-ibang mga kultura at isang lumalaking pagkakaroon ng media, ang Iglesya Katolika ay dapat na maging isang pintuan ng pananampalataya at pag-eebanghelyo. Bisitahin ang www.archtoronto.org/cathedral upang makita ang apat na mga layunin na kaugnay sa "Ang Katedral Bilang Tanda ng Ating Misyon".

www.archtoronto.org

## Ipagpatuloy ang Pag-uusap

Kami ay natutuwa na maisali kayo sa ating pastoral na plano. Bisitahin kami online upang makita ang kumpletong "mapa ng daan o roadmap" kasama na ang maraming mga kagamitan na tutulong sa atin sa paglalakbay. Marami na tayong mga kataka-takang mga bagay na nangyayari sa ating mga simbahan – nais nating magdiwang at magtayo sa pundasyong iyon, na nagpapakilala na marami pang maaaring magawa. Narito ang mga paraan kung paano kayo makakatulong:

a) Makipagtrabaho sa inyong lokal na parokya –magsilbi sa altar ng ating Panginoon o sa konseho ng parokya, maging isang lektor, miyembro ng koro or tagabisita sa tahanan. Hinihimok namin ang bawa't Katoliko na alamin ang kanilang lokal na pakikibilang.

b) Bisitahin ang www.archtoronto.org/pastoral at magbigay ng inyong feedback tungkol sa pastoral na plano. Paano ninyo ito nakikita na nagaganap sa inyong buhay? Anong mabuti ang ginagawa ng inyong parokya? Saan nito mapapabuti ang gawain nito?

c) Panalangin – hinihing namin sa bawa't Katoliko sa archdiocese na maghandog ng mga dasal para sa mga tauhan ng Diyos na nagtatrabaho sa taniman ng ubas bawa't araw. Tayo ay umaaasa sa isa't-isa upang ispiritwal na suportahan ang pastoral na plano at tumulong na alamin ang mga hakbang pasulong, kapwa lokal at sa archdiocese. Inihahabilin natin ang planong it kay Maria, Ina ng Diyos, at hinihingi sa kanya na ipagdasal na tayo ay maging matapat na mga disipulo ni Hesus.

twitter.com/archtoronto

facebook.com/archtoronto

# Pastoral na Plano ng Archdiocese ng Toronto

Sa mga nananampalataya ng Archdiocese ng Toronto:



Ang maikling buod ng Pastoral na Plano para sa Archdiocese ng Toronto ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon upang madasaling magreplekto sa kung paano hinihingi ni Hesus sa atin na mabuhay bilang kanyang mga disipulo.

Ang ating Pastoral na Plano ay malalim na naka-ugat sa panalangin, ang pundasyon ng ating mga pagsisikap.

Ang ating misyon ay dalawa. Ang ating pastoral (panloob) na misyon ay ang palakihin at palakasin ang karanasan sa pananampalataya ng mga nakapangakong mga Katoliko, na kumukuha sa modelong si San Pedro, kung kanino sinabi ni Hesus na, "Pakainin mo ang aking mga tupa." Ang ating apostolikong (panlabas) misyon ay ang ipahayag ang Ebanghelyo, kapwa sa nananampalataya at doon sa mga nasa labas ng Simbahan. Ang modelo para sa ating pagpupunyagi ay si San Pablo, na unang naka-engkuwentro kay Kristo sa pamamagitan ng pagbabagong-loob at pagkatapos ay pagpoproklama sa Kanya sa buong mundo.

Ang ating Pastoral na Plano ay nag-iimbita sa bawa't Katoliko sa ating archdiocese na magreplekto sa ating tungkulin bilang mga tagapangasiwa ng maraming mga regalo ng Diyos, na tumatawag sa atin sa isang taimtim na pagbabagong-loob na naghahatid sa atin sa isang ispiritu ng pagbubukas-palad, na mas lubos na ipinakita sa pagbabahagi ng oras at talento sa iba. Tayo ay nabubuhay sa bawa't sandali sa isang ispiritu ng pasasalamat, na naghahanap ng mga pamamaraan upang matagumpay na gamitin ang lahat ng mga ipinagkaloob sa atin, sa paglilingkod sa Diyos at sa kapwa.

Tayo ay nag-aalumana sa mahalagang mga hibla na ihahabi sa buong pastoral na plano. Upang epektibo nating magawa ang ating trabaho kailangan nating tiyakin na ating: maisali ang pamilya, lalung-lalo na ang kabataan; ipagdiwang ang pagkakaiba-iba ng kultura; gamitin ng matalino ang mga mapagkukunan; at makipag-usap ng epektibo.

Ang buod na ito ay kukuha sa mga imahen sa Bibliya ng baging (Hesus) at mga sanga (ang kanyang mga tao). Limang mahahalagang mga priyoridad ang tutulong na gumabay sa atin sa paglalakbay.

Inaanyayahan ko kayong mas higit na alamin ang tungkol sa ating "mapa ng daan" para sa ating paglalakbay sa pamamagitan ng pagbibisita sa isang espesyal na lugar online: bisitahin ang www.archtoronto.org/pastoral upang mapuntahan ang kumpletong pastoral na plano bilang karagdagan sa iba pang mga mapagkukunan at mga kagamitan para sa pagrereplekto.

Ako ay nagpapasalamat para sa papel na inyong ginagampanan sa pagpapalakas ng ating komunidad. Makakaasa kayo sa aking mga panalangin habang masaya tayong magkakasamang nagtatrabaho sa taniman ng ubas ng Panginoon.

Matapat kay Kristo,

+ Thomas Card. Collins

Thomas Cardinal Collins
Arsobispo ng Toronto

# Limang Mahahalagang mga Direksyon

## Buhay Parokya

*At ang lahat ng mga naniwala ay nagsama-sama at ang lahat ng mga bagay ay naging para sa lahat... – Mga Gawa 2:44*

Ang ating mga parokya ay mga espirituwal na tahanan kung saan tayo ay nakikipagtagpo sa isa't-isa upang maka-engkuwentro si Kristo. Tumatawag sa atin ang ating plano upang gawin ang ating 225 na mga parokya na mga lugar ng malugod na pagtanggap at kagandahang-loob, kapwa para sa mga taong kasama natin bawa't linggo at para sa bumabalik pagkatapos ng maraming mga taon. Ating ihahanda ang ating mga sarili nang may pangangalaga bawa't linggo upang ipagdiwang ang mga sakramento at maghimok ng atentibo at aktibong pakikilahok mula sa lahat. Susuportahan natin ang mga pari at mga dyakono habang sila ay nangunguna sa daan, at kapag mahilingan na tumulong, tayo ay tutugon. Tayo ay magkakasama dito. Mahalaga na ipagdiwang natin ang maraming mga parokya na kasali na sa mga ministri ng pag-aabot-kamay at mga programa na tumutulong sa pamilya, sa lokal na simbahan. Tayo ay maaaring matuto sa kanilang magandang halimbawa. Bisitahin ang www.archtoronto.org/parishlife para makita ang walong mga layunin na kaugnay sa "Buhay Parokya".

## Mga Bokasyon

*"Halina, sumunod sa akin," sinabi ni Hesus, "at gagawin ko kayong mga mangingisda ng mga tao." At kaagad nilang iniwan ang kanilang mga lambat at sumunod sa kanya. – Mateo 4:19-20*

Hinihingi ng Diyos sa bawa't isa sa atin na "ihagis ang ating mga lambat" at tuklasin kung saan Niya tayo inaakay. Kailangan natin ang mga pari upang pangunahan ang mga parokya ng archdiocese, mga dyakono upang tulungan sila, kuwalipikadong karaniwang tao upang suportahan ang ating sari-saring mga ministri at yumayabong na mga komunidad ng relihiyoso. Bawa't Katoliko ay maaaring maging isang tagataguyod ng mga bokasyon, sa pamamagitan ng panalangin, paghimok at imbitasyon. Kinikilala natin ang pangangailangan na pagsamahin ang mga pormal na programa ng pormasyon para sa ministri, upang matiyak ang kanilang kabisaan. Hindi rin natin maaaring kalimutan ang mga pari na matapat na nagsilbi sa atin sa loob ng mga taon, na masiguro na sila ay maaalagaan para sa kanilang pagreretiro. Magkakasama, maaari nating pagyamanin ang isang kultura ng mga bokasyon sa ating archdiocese. Bisitahin ang www.archtoronto.org/vocations para makita ang anim na mga layunin na kaugnay sa "Mga Bokasyon".













## Pag-Eebanghelyo ng Lipunan

*Humayo sa buong mundo at ipahayag ang ebanghelyo sa buong nilikha. – Marko 16:15*

Ang "Bagong Pag-eebanghelyo," kung simpleng ipapahayag, ay ang pagpapahalaga sa ligaya na idinudulot sa atin ng pananampalataya kay Kristo at ng pagbabahagi nito sa iba. Tayo ay nagsisikap pa na makasiguro na ang boses ng pananampalataya ay maririnig sa pampublikong lugar. Naniniwala tayo na ang Ebanghelyo ay dapat na iproklama ngayon higit sa kailan man. Sadyang, kailangan nating palakasin ang ating pagsasaksi sa publiko, at magbigay ng maalam na mga tinig ng Katoliko sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga paaralan, mga unibersidad at iba pang mga institusyon. Tayo ay gagamit ng modernong teknolohiya upang makilahok sa dyalogo, sa pamamagitan ng relihiyoso at sekular na media, na yinayakap ang social media at iba pang mga kasangkapan na makapagpapataas ng Ebanghelyo at magbibigay ng makapangyarihang mga instrumento ng pag-eebanghelyo sa ating buong archdiocese. Bisitahin ang www.archtoronto.org/evangelize upang makita ang limang mga layunin na kaugnay sa "Pag-eebanghelyo ng Lipunan".

## Katolikong Pag-aabot-kamay sa Katarungan at Pag-ibig

*Ang ispiritu ng Panginoong Diyos ay nasa sa akin, sapagka't ako ay pinahiran ng Panginoon ako ay isinugo niya upang maghatid ng mabuting balita sa mga naaapi, upang bendahan ang mga sugatan sa puso, upang ipahayag ang kalayaan sa mga bihag, at pagpalaya sa mga preso. – Isaya 61:1*

Ang ating pastoral na plano ay humahamon sa atin na sumaksi at magsilbi sa iba't-ibang mga paraan at maging mga tagataguyod kung saan ang kawalan ng katarungan ay nagaganap: sa pamamagitan ng pastoral na pangangalaga sa mga mahihirap at naisantabi, sa mga estudyante sa kampus, sa mga nakakulong, nanghihingi ng pagkakanlungan o nagdurusa ng pisikal o ispiritwal. Ating magagawa ang lahat ng ito sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa ating mga parokya, mga kilusan ng karaniwang tao, mga institusyong Katoliko, kapelyahan (chaplaincies) at sari-saring mga serbisyong pampastoral. Tayo ay nagpapasalamat para sa mga mabubuting gawain na nagawa sa pamamagitan ng Catholic Charities at ShareLife, nguni't marami pa tayong dapat gawin. Naririnig natin ang mga salita sa Misa, "Humayo ng mapayapa, parangalan ang Panginoon sa pamamagitan ng inyong buhay". Paano tayo magiging mga kamay at mukha ni Hesus sa ating komunidad? Bisitahin ang www.archtoronto.org/outreach upang makita ang ating apat na mga layunin na kaugnay sa "Katolikong Pag-aabot-kamay sa Katarungan at Pag-ibig".